

PROLOGUE

Ipapakulam kita kapag nalaman kong ginagago mo 'ko." Seryosong-seryoso ang guwapong mukha ni Sean Torres nang sabihin iyon.

"Totoo nga!" angal ni Matt mula sa kabilang linya ng telepono. "Pare, magsisimula na tayo ng recording bukas. Ayos na lahat, bukas na rin ang pirmahan ng kontrata."

Tirik na tirik ang araw dahil kasagsagan ng summer, pero walang kiber ang binata. Nanatili siyang nakapamaywang sa bangketa habang pinakikinggan ang drummer ng banda nila.

"Kita tayo ng five a.m. sharp sa bus station, darating tayo ng Manila ng before lunch. 'Tapos, dederecho na tayo para i-meet 'yong record producer. Okay na lahat, Pare, kukunin na talaga nila tayo."

Nahilot ni Sean ang sentido. "Bakit ang ikli ng notice?"

"What!" Muntikan nang mabasag ang eardrum ng lead vocalist sa sigaw ni Matt. "Wrong number ba 'to? Si Sean Torres ba 'tong kausap ko? What the hell's wrong with you?" Humigit ng hangin ang

Just The Way You Are - Dior Madrigal

kausap. “This is our dream, Pare, walang ganyanan. You want this as much as any of us, nauntog ka ba? Ano’ng nangyayari sa ’yo?”

“Matt, dumadaldal ka na gaya ng tatay ko. Isang sentence lang ’yong sinabi ko, nakadalawang paragraph ka na. Sige na, I’ll be there. Kahit di sumikat ang araw sa silangan, ’andoon ako sa bus station bukas.”

Tila nakahinga nang maluwag ang kaibigan. “Yan ang hinihintay ko! Sige, bukas.” Pinutol na nito ang tawag.

Muling nahilot ni Sean ang sentido, saka tinawagan ang isang numero.

“Sean?” sagot mula sa kabilang linya.

“Kate!” Isang malapad na ngiti ang sumilay sa kanyang mga labi nang marinig ang boses ng dalaga. “Asan ka? Tapos na ba ang tutorials mo? Kita tayo.”

“Tapos na. Nasa bahay na ’ko.”

“Great! ’Punta ko d’yan.” Mabilis niyang pinindot ang end call button ng cellphone saka pumara ng tricycle. “Mang Ambo, kina Kate,” sabi niya sa driver hindi pa man ito nakakalapit.

Sa liit ng kanilang bayan, kilala ng lahat ang

bawat isa.

“Mukhang may magandang balita ka, ah,” untag ng matanda.

He grinned. “May kababayan ka nang sisikat, Mang Ambo.” Tumawa ang driver kaya bahaga siyang sumimangot habang sumasakay sa sidecar. “Sige, tawa lang, Mang Ambo. ‘Kita n’yo, walang isang taon, maririnig n’yo kami sa radyo.”

“Siya, siya. Nagpaalam ka na sa tatay mo?”

Tila nagkaroon ng maitim na ulap sa hangin.

“Mang Ambo naman,” reklamo niya. “Ang galing n’yong sumira ng mood. Don’t say bad words!”

Tumawa na lang ang driver saka pinatakbo ang tricycle. Makalipas lang ang ilang minuto ay naroon na siya sa bahay nina Kate.

“Good afternoon, Mrs. Gonzalez,” pormal niyang batì sa ina nitong nagbukas ng pinto. “Si Kate po?”

Gaya ng ginagawa nito mula noong three years old siya, sinipat siya mula ulo hanggang paa ng magandang ginang. Sa edad na treinta y siete, mukha lang kapatid ni Kate ang nanay nito. Fresh na fresh at magandang-maganda pa rin si Consuelo Gonzalez. Dati itong artista noong kabataan nito, pero nang

Just The Way You Are - Dior Madrigal

mabuntis noong diez y seis años, naging matumal na ang pagdating ng mga projects hanggang sa tuluyan nang mawala. Ngayon, plain housewife ito ng isa sa pinakamayayaman at pinakamaiimpluwensyang tao sa kanilang bayan ng San Isidro, Calauag, Quezon.

“Hindi ko alam kung nasaan siya. Subukan mo sa garden. Sa likod ka na lang dumaan at baka madumihan pa ang sahig.” Sabay sinarhan siya nito ng pinto.

He rolled his eyes. Some people just never change. Dali-dali niyang nilandas ang gilid ng malaking bahay para makapunta sa back garden.

Natagpuan niya ang hinahanap na nakaupo sa garden chair malapit sa isang puno. He grinned to himself, pagkatapos, parang ninja na nilapitan ito mula sa likod.

“I know you’re there,” sabi nito nang akmang gugulatin na niya.

He rolled his eyes. Indeed some people just never change. Mula three years old hindi pa niya ito nagulat kahit minsan. “Hindi ka ba puwedeng magpanggap kahit minsan lang? Alam mo na, para maiba lang.”

She rolled her eyes then smiled at him. He caught his breath. Pakiramdam niya, sampung beses na

Just The Way You Are - Dior Madrigal

lumiwanag ang paligid.

“How can someone so annoying be so beautiful?”
aniyang nakakunot ang noo.

She merely rolled her pretty eyes again. Natagpuan niya ang sariling nakangiti rin. Pagkatapos, umupo siya sa harap ng kababata at nobya.

Namana ni Kate ang Spanish beauty ng ina. She had the same brown almost hazel eyes, porcelain skin, oval-shaped face, straight haughty nose and the glorious, curly, russet hair. Pero kung ano ang pinagkapareho ng kanilang mukha, siya namang pinagkaiba ng personality ng mga ito.

Number one isnabera si Mrs. Gonzalez. Halos hindi ito lumabas ng bahay, ayaw makisalamuha sa mga tao ng San Isidro sa takot na maging probinsyana tulad ng mga ito. Si Kate sa kabilang banda ay number one lakwatsera. Lalagnatin yata ito kapag hindi nakalabas ng bahay. Binyag, birthday, kasal, kulang na lang pati panganganak ng baboy ay puntahan nito.

Masuyo niyang hinawakan ang kamay ng nobya at hinalikan.

“How do I love thee? Let me count the ways,” aniya, gamit ang lahat ng sinseridad na kaya niyang tipunin. He went down on bended knee.

Just The Way You Are - Dior Madrigal

“I love thee to the depth and breadth and height

My soul can reach, when feeling out of sight

For the ends of being and ideal grace.

I love thee to the level of every day's

Most quiet need, by sun and candlelight.

I love thee freely, as men strive for right;

I love thee purely, as they turn from praise.

I love with a passion put to use

In my old griefs, and with my childhood's faith.”

Tinitigan niya itong mabuti sa mata.

“I love thee with a love I seemed to lose

*With my lost saints, I love thee with the breath,
smiles, tears, of all my life!*

*And, if God choose, I shall but love thee better after
death.”*

Muli, marahan niya itong hinalikan sa kamay.

“Hmm...” Nakataas ang kilay ng dalaga. “Spit it out, sinong babae ang kailangan kong sabunutan?” He rolled his eyes. “Tumutula ka lang kapag may ginawa kang masama.”

Just The Way You Are - Dior Madrigal

“That’s not true.”

“Yes, it is. Unang tumula ka n’ong nilason mo ’yong pusa ko.”

“*Nalason*, hindi nilason. It was an accident. I was young, hindi ko alam na nakakalason pala ang gas.”

“Lahat ng tao alam na nakakalason ang gas,” she said acidly. Hanggang ngayon hindi pa siya napapatawad nito sa pagkamatay ng pusa nito noong five years old pa lang sila. “Then, tumula ka rin n’ong nawala mo ’yong CD ko ng *Backstreet Boys*.”

“Tinapon ni Sheila ’yong bag ko sa ilog, ano’ng magagawa ko?” Ang babae ay ang female best friend ni Kate mula kindergarten at mortal na kaaway ni Sean since time immemorial.

“Tumula ka rin n’ong nakalimutan mo ’kong bilhan ng pasalubong sa Baguio.”

“May bagyo, sarado lahat ng tindahan.”

“Then, what about the time when you forgot about our anniversary?”

“You forgot about it, too.”

“And when you blew up my laptop?”

“Kumikidlat.”

Just The Way You Are - Dior Madrigal

“Eh, n’ong tinapakan mo ’yong paa ko n’ong sumasayaw tayo sa prom?”

“May bumunggo sa ’kin.”

“When you came first when we first had sex?”

Bumuka ang bibig niya, pero walang salitang lumabas. Pulang-pula ang mukha niya and rightly so. You don’t mess with a guy’s sexual skills.

“We agreed *not* to talk about that again,” he hissed. “Isa pa, isang beses lang ’yon nangyari. We’re both virgins, what did you expect? Mas mahirap sa lalaki ang magpigil.” Matalim ang tingin niya rito.

Nagkibit-balikat lang ang babae, mayabang na nakangiti. “Still...” anito.

He glared more at her. “Fine, you win.” Sa mga ganitong pagkakataon, nagtataka siya kung bakit mahal niya ang taong ito.

“So?” anito. “Ano’ng nangyari? Ano’ng ginawa mong kasalanan?”

Humigit siya ng hangin bago nagsalita. At subukan man niya, hindi niya napigilan ang pagngiti. “Pupunta kami ng Manila bukas, pipirma na kami ng contract at magre-record na kami ng album. I’m out of this freaking town, Kate!”

Just The Way You Are - Dior Madrigal

For a split second, nakita niyang natigilan ito, pero bago pa siya makapag-isip kung ano iyon, mabilis siya nitong niyakap. “That’s so great, Sean! Tatahimik na rin ang San Isidro! Matutuwa silang malaman ’yan!”

Laughing despite himself, awtomatiko siyang gumanti ng yakap. Mahigpit iyon. Damn, hindi pa sila naghihiwalay, pero nami-miss na niya ito.

“Thank you,” he buried his face in her glorious hair. “At hindi ako maingay, masyado lang boring ang bayan na ’to.”

Everything else was forgotten. Ang alam lang niya, lahat ng tension sa katawan niya ay tila natunaw, at ngayong nawala na ang tila nakadagan sa dibdib, saka lang niya na-realize kung gaano iyon kabigat. He smiled weakly.

“Let’s celebrate.” Bahagya itong kumalas ng yakap at pilyang ngumiti sa kanya. “I’ll give you the best congratulatory present.”

Tumawa siya nang hilahin siya nito patayo.

“Kate...” Sean called her name over and over as he kissed her everywhere. Alas seis na ng hapon, the

Just The Way You Are - Dior Madrigal

two lovers were lost in their own world inside a tree house in a secluded part of the forest.

“Sean...”

He kissed her hotly as he entered her. Slowly, he rocked their bodies together, savoring each stroke, each gasp, each touch.

She cried out his name as she came hard around him. He closed his eyes tightly as he felt the liquid fire flowing throughout every part of him.

Malalim ang paghinga, he rained soft kisses all over her face, then, he rolled over and pulled her with him.

Nang maging normal ang paghinga, nagsalita ang dalaga. “I assume, hindi mo sinabi sa papa mo.” It was not a question.

He stiffened a little bit, then shrugged. “Naturally, wala akong balak ma-depress.”

“You should let him see you perform,” suhestiyon nito.

He rolled his eyes. “Come on, Kate, you know my father better than that. Alam nating pareho na isa lang ang nakikita ni Papa, iyon ay kung ano lang ang gusto niyang makita. Mas may sense pa makipag-

Just The Way You Are - Dior Madrigal

argue sa pader kaysa sa kanya. Ganoon yata lahat ng accountant, it's either black or white lang ang lahat sa kanila.” Accountant ang tatay niya at may-ari ng local bank sa kanilang bayan.

Sa loob ng ilang segundo, tanging ang lagaslas ng mga dahon at paghuni ng mga ibon ang maririnig.

“Play me a song,” mayamaya ay narinig niyang sabi ni Kate.

He smiled against her hair. “Feeling sentimental?” biro niya.

“Maybe.”

Natigilan siya roon. Mabilis niya itong hinawakan sa balikat para tingnan sa mukha. “That’s not funny. We’re not breaking up. Aalis lang ako; kapag okay na ang banda, magpapakasal tayo.”

Tumawa ito. “Wow, I’m touched.”

“Seryoso, Kate, we are never breaking up.”

“We are if you don’t play me a song now.”

He rolled his eyes. Umupo siya at inabot ang gitara sa may ulunan. “What do you want me to play?” tanong niya.

“Anything.”

Just The Way You Are - Dior Madrigal

“Wala kaming kanta na may title na, ‘Anything’.”

“As usual, your jokes are magnificently unoriginal,” sagot nito. “Come on, play.”

He grinned then started strumming his guitar. Nakadapa si Kate, nakapikit at nakaharap sa kanya ang mukha habang nakaunan sa mga braso ang ulo. Isang puting kumot ang nakatabing sa baywang nito at may maliit na ngiti sa mga labi.

Sa labas, the fading sunlight peeping amidst the canopy of trees danced in her glorious hair and skin. He wasn’t really much into physical looks, but it was almost impossible not to be mesmerized by Kate’s ethereal beauty. When she was like this, she could be mistaken for a goddess.

Kung isa siyang pintor, iginuhit na niya malamang ito. Pero dahil musikero siya, kumuha siya ng isang music sheet na nakakalat sa sahig at nagsimulang mag-compose ng awitin.

“What are you doing?” matabang na tanong ng dalaga nang walang marinig na kanta mula sa kanya. Nakapikit pa rin ang mga mata nito.

He smiled. Kahit maganda itong tingnan kapag tahimik ito, mas gusto pa rin niya ang nobya kapag nagsasalita.

Just The Way You Are - Dior Madrigal

“I’m serious. I’m really breaking up with you if you don’t play me a song,” untag nito.

“I’m writing a song,” aniya habang nakatingin pa rin sa nobya.

Ngumiti ito habang nakapikit pa rin. “Para sa ’kin ba ’yan?”

“Yes.” It was one of those rare moments that he was flat out honest.

“What’s the title?”

“Anything.”

Tumawa ang dalaga. “That’s very creative of you.”

He ignored the sarcasm and grinned. Matapos ang ilang sandali, tinabi niya ang music sheet at tumugtog ulit, pero hindi iyong kantang kagagawa pa lang niya. Isa sa mga lumang kanta ng banda ang tinugtog niya.

He saw a smile touch her lips as he started playing again. Natagpuan niya ang sarili na pinagmamasdan ito. Sa tuwing pinakikinggan siya nitong tumutugtog, she always smiled as if she was seeing something really beautiful. But she also looked so far away... like she was slipping away from him. And that always

Just The Way You Are - Dior Madrigal

scared him.

Bago pa niya mapigilan ang sarili, tumungo siya para halikan ito sa noo. Bahagya nitong minulat ang mga mata at tinitigan siya.

“Thanks. I know I’m beautiful.” Mayabang itong nakangiti. He rolled his eyes, pero nakangiti rin siya. Ipinikit niya muli ang mga mata at hinalikan ulit ito.

“I love you,” bulong niya.

“I know.”

Nag-alarm ang cellphone ni Sean nang alas cuatro y media ng umaga. Umikot siya para yakapin si Kate, pero bakanteng espasyo ang tumunghay sa kanya. Kunot-noo siyang napatayo. Maliit lang ang tree house kaya kita agad ang lahat ng sulok. Nagbihis siya at akmang bababa na ng treehouse nang may mahgilap na papel sa may barandilya.

Hindi niya alam kung bakit, pero talagang kinabahan siya.

‘To Sean,’ ang nakasulat sa nakatuping papel. Waking up without Kate beside him and finding a letter addressed to him didn’t look like a good combination. It felt like a sappy scene in those sappy

Just The Way You Are - Dior Madrigal

soap operas. Disturbed, ini-unfold niya ang papel at binasa...

Sasabihin ko sana sa 'yo ito kanina kaya lang masyado kang masaya. Ganyan ka lagi, Sean, minsan ang selfish mo at hindi mo napapansin ang nararamdaman ng iba sa paligid mo. Sabay tayong lumaki pero hanggang ngayon, hindi mo pa rin talaga ako kilala. You should have known that something was wrong when you saw me this afternoon. You should have known that something was wrong when we started this relationship.

Sa parteng iyon ay natawa siya. Gusto na niyang hanapin ang mga nakatagong camera sa treehouse. This had got to be a prank.

“Okay, Kate, nakakatawa na, p’wede ka nang lumabas,” aniya pero walang lumabas na dalaga. He rolled his eyes. “Fine. Siguraduhin mo lang na nakakatawa ang punch line nito dahil magwawala si Matt kapag na-late ako.” Sigurado siyang nasa paligid lang si Kate, nagtagago at mayabang na nakangiti habang pinapanood siya. Pinagpatuloy niya ang pagbabasa.

You were fascinating, Sean. You were exhilarating. But sometimes, fascination is not enough. We’re twenty-one now, at ayoko mang sabihin, pero tama ang papa

Just The Way You Are - Dior Madrigal

mo. Your dreams are unrealistic, Sean. We need to grow up.

This time, nag-evaporate na parang alcohol sa mainit na balat ang ngiti sa kanyang labi. Nanlamig siya bigla. Ang pangarap niya at ang tatay niya ay dalawang bagay na hindi pinagsasama sa iisang pangungusap bilang joke. Hindi sa ganitong paraan. It was the twelfth commandment for them.

Muli, lumipad ang tingin niya sa treehouse para hanapin ang nobya, pero sa pagkakataong iyon, may pakiramdam siya na hindi niya talaga ito makikita. Breathing hard, he forced himself to continue reading...

Dreams are great, Sean, but let's be realistic. Ilang banda ang nakakapasok sa mainstream music industry? Hindi ko minamaliit ang kakayahan mo, pero nagiging realistic lang ako. I was admitted at the Med School I applied for in the States. Dumating ang acceptance slip kahapon. I decided not to tell you this personally dahil alam kong ipipilit mo ang gusto mo. Ganyan ka, Sean, para kang batang laging pinipilit ang gusto. Hindi kita pipigilan sa pangarap mo, that's your life. Ayokong ituring mo 'kong parang papa mo na kontrabida lagi sa mga plano mo. But please don't ask me to stay and don't ask me to wait. Fair enough,

Just The Way You Are - Dior Madrigal

isn't it? For once, Sean, be a little bit mature and see sense. 'Wag mo na 'kong habulin o pigilan, masyadong magkaiba ang paths natin. Oras na para maghiwalay tayo. Let me go dahil ayoko na. At hindi ko 'to pinag-isipan ng isang gabi lang. You know me, Sean, I'm not the impulsive type. But then again, maybe you don't... maybe you never really knew me anyway.

Thanks for the memories. It was great while it lasted.

Hindi alam ni Sean kung gaano katagal na siyang tulalang nakatingin sa sulat. Ayaw gumana ng utak niya, kahit ang paghinga naging mahirap. Had the world gone mad? Paano nagbago ang mundo nang ganoon kabilis?

Nag-ring ang cellphone niya. Wala sa sariling napatingin siya sa vibrating phone sa sahig. It was Matt. Alas cinco na ng madaling araw. Sa likod ng isip niya, naalala niyang kailangan nga pala nilang magkita sa bus station.

Somewhere in his mind, narinig niya ang kanta ng *Green Day*.

*Another turning point a fork stuck in the road,
Time grabs you by the wrist directs you where to go*

Just The Way You Are - Dior Madrigal

So make the best of this test and don't ask why

It's not a question but a lesson learned in time

It's something unpredictable but in the end it's right

I hope you had the time of your life

He always loved that song but now, he kinda hated it. Gusto niyang tumawa, pero hindi niya magawa. Hell, this was indeed unpredictable. He looked dumbly from the phone to the letter.

Ito na ba ang *fork in the road* ng buhay niya? Ang intersection kung saan ang desisyon niya ang maghuhubog sa susunod na mga pangyayari ng buhay niya? Ano ang dapat niyang gawin? Run after Kate, or run after his dream? Bakit walang nagsabi sa kanya na kahit ano pa ang piliin niya, he was bound to be impaired for the rest of his life? Na para itong pagpili sa kung ano ang dapat niyang patayin, ang kaliwa o kanang bahagi ng utak niya? How could he possibly have the time of his life?

“Oh, God...” He laughed, but this time, there was no joy in it. Nasuklay niya ang buhok.

What the hell was happening? They were perfectly happy five hours ago! Or where they? Siya lang ba ang masaya? Totoo bang hindi lang niya

Just The Way You Are - Dior Madrigal

nakita ang totoo? Was that really how she saw him all this freaking time?

Muli siyang hungkag na tumawa at mariing nasabunutan ang buhok.

Totoo kaya ang kanta? Darating kaya ang panahon na maiintindihan niya ang dahilan kung bakit nangyayari ang bagay na ito? Darating kaya ang panahon na liligon siya at aalalaharin ang eksenang ito at magagawa niyang magbiro at tumawa lang? Darating ba ang panahon na hindi na niya gugustuhing sumigaw, magwala, kaladkarin si Kate, yugyugin ang mga balikat nito hanggang sa sabihin nitong hindi totoo ang mga sinulat nito? Darating ba ang panahon na hindi na siya matatakot malaman na totoo pala ang lahat iyon? In the end, was this really right?

Ibinaon niya ang mukha sa palad at sumigaw nang malakas. Dammit, he'd better see the f*cking lesson soon.

Patuloy na nag-ring ang phone. Marahas niya iyong dinampot at sinagot.

“Sean! S’an ka na?” Si Matt. “Five a.m. na! Walang indyanan, sabi mo kahit di sumikat ang araw,” paalala nito sa kanya.

Just The Way You Are - Dior Madrigal

He clenched his jaw. “Yeah.” Matigas ang boses niya. “Papunta na ’ko dyan.” Isinara niya ang phone at muling binaon ang mukha sa kamay. Breathing hard, nag-ayos siya ng sarili, kinuha ang mga nakaempakeng gamit at bumaba ng treehouse.

Iniwan niya ang sulat kasama ang lahat ng bagay na nag-uugnay sa kanya sa maliit na bayan na iyon. Hindi siyalumingon habang iniwan ng bus ang kanilang bayan.

1

“Kate! Buti dumating ka!”

Mahigpit siyang niyakap ni Sheila pagkatapak na pagkatapak niya sa loob ng gate. Isa sa mga malapit niya itong kaibigan noong high school. Sila nina Sean at Matt ang magkakababata. Mabilis siyang gumanti ng yakap dito.

“Akala ko di ka na naman darating! My God! Six years ka na naming di nakita. Ang dami-daming nag-iimbita sa ’yong bumalik dito, pero di ka pumupunta. Natakot tuloy ako na baka isnabin mo rin ako.”

Tumawa siya. “Iinsnabin ko nga rin sana kaya lang naalala ko, may kamag-anak kang mambabarang.”

“Gaga!” Kinurot siya nito sa baywang. “Kumain ka na? ’Lika sa dining, maraming pagkain sa loob.”

“Thank God, eleven a.m. pa ang huling kain ko,” sabi niya.

“Ano’ng ginagawa mo? Naturingan kang doctor, di mo inaalagaan ang sarili mo. Alas nueve na, Dear. Tapos na ang mahal na araw para mag-fasting ka, ano. Mayo na, Ate.”

Just The Way You Are - Dior Madrigal

“Correct, May pa lang. Di ba, dapat June or December ang wedding?”

“Bakit ba? Eh, gusto ko May, eh,” mataray na sagot nito.

Humalakhak lang si Kate.

Biglang natigilan si Sheila nang papasok na sila living room. “Kate, nga pala, ‘andito rin si Sean.”

Ngumiti lang siya. “Of course he’s here, bandmate niya ang ikakasal.”

“You mean magpapasakal,” narinig nilang sabi ng isang lalaki mula sa likuran ni Sheila. “Hi Kate, you’re as beautiful as always,” nakangiting bati sa kanya ni Louie, ang bassist ng Mars.

Napakunot-noo siya. “Of course I’m beautiful, may nakita ka na bang diyosang pumangit?”

Malakas na tumawa si Louie. “At ang yabang pa rin! God, I missed you.” Mabilis siya nitong niyakap.

“Hoy, Louie! Isang segundo mo pa siyang yakapin at isisiwalat ko sa press ang mga naked baby pictures mo.”

Mabilis itong kumalas dahil sa banta ni Sheila.

“Sumusobra ka na ha. Lagi mong ginagamit na

Just The Way You Are - Dior Madrigal

threat ang pictures na 'yan," bahagyang angil ng bahista.

Inisnab lang ito ng best friend niya. "Halika na, Kate, kumain ka na sa loob." Giniya siya nito sa dining room.

Maingay at medyo dim ang ilaw roon. Maraming tao, pero halos di niya napansin ang mga ito dahil natuon ang tingin niya sa isang panig ng madilim na living room. Sa may bar counter, nakaupo si Sean at sa kandungan nito ay nakaupo at nakapulupot dito na parang ahas ang babaeng kahalikan nito. For a split second, nakita niya ang sariling hinihila sa buhok ang malanding babae.

Napakurap siya bigla. Bahagyang napailing siya at natawa sa sarili. Goodness, hindi ito ang dahilan kung bakit siya pumunta rito. Sa kung anong dahilan, nagmulat ng mata ang lalaki at nagtama ang kanilang mga paningin.

She wouldn't have recognized those cold eyes if not for the familiar intensity of their depths. Binati niya ito ng ngiti, saka balewalang umiwas ng tingin.

Without looking back, tumuloy sila sa dining room.

Just The Way You Are - Dior Madrigal

“Okay, guys! Fun fun fun na!” sigaw ni Sheila sa crowd. Nakatayo ito sa makeshift stage na nasa gawing dulo ng living room hawak ang isang mikropono.

Gustong iikot ni Kate ang mga mata, alas doce na ng gabi at medyo pagod na siya. Sa tingin niya, wala na siyang energy para sa mga loka-lokang games ng kaibigan.

“*Seven Minutes In Heaven*’ ang game natin.” Nagsigawan ang mga bisita. “Yeah, yeah I know, I’m brilliant, right?”

Despite herself, humalakhak si Kate. Then, her smile became a little solemn. Na-miss niya talaga ang mga taong ito.

“Okay,” sabi ulit ng host. “Bubunot ako ng mga names dito,” tukoy nito sa dalawang fish bowls na laman ang names ng guests. “Dahil may apat kaming closet, apat din na pairs ang kukunin natin.”

“Wow, how ingenious!” pasaring niya. Nagtawanan lang ang mga tao.

Binelatan siya ni Sheila at kumuha ng names mula sa fish bowl. “Okay, ang first pair ay sina... Jeannie,” pagkatapos kumuha ito ng isa pa mula sa kabilang bowl naman, “at Eric!” Nagtawanan ang

Just The Way You Are - Dior Madrigal

lahat. Tomboy at bakla kasi ang dalawang iyon at hindi lingid sa kanila ang animosity sa dalawa.

“Minanipula mo ’yan!” hirit ni Matt.

“Of course,” simpleng sagot ni Sheila, ”Everyone, kaladkarin ang dalawang iyan.” Tumili si Eric, sinubukang manlaban ni Jeannie, pero dinumog na sila ng mga hudas na kaibigan at dinala sa closet.

Sa kung anong dahilan, kinabahan si Kate. Mabilis siyang napaurong at akmang kakaripas ng takbo nang biglang magsalita ulit si Sheila.

“The next pair is our favorite goddess, Kate!”

Nag-cheer ang mga tao at awtomatikong nagpalakpakan at tumingin sa kanya. Napangiwi siya at lalong napaurong.

“Ah...” sabi niya habang umuurong. “Nakalimutan ko, may bypass heart surgery pa nga pala ’kong gagawin! Ciao!” Kumaripas siya ng takbo.

“Madaya! Mga kapatid, habulin n’yo!” narinig niyang sigaw ni Sheila na sinundan ng animo libu-libong yabag ng mga kabayo. Lalo niyang binilisan ang pagtakbo. Mabuti na lang at sinasamahan niya sa swimming center ang kanyang five-year-old na anak kaya fit as ever siya kahit twenty-seven na. Hindi

Just The Way You Are - Dior Madrigal

niya hahayaang mahuli siya ng mga ito nang hindi lumalaban. She would not give up without a fight!

“Caught her!” Napatili siya nang haklitin siya ni Matt sa baywang at parang sako ng bigas na sinampa sa balikat nito.

“Matt!” Makabasag-eardrum ang tili niya. “Gago ka! Ibaba mo ’ko kundi ikakalat ko sa Internet ang mga pictures mo n’ong maitim ka pa!” Nagtawanan ang mga bisita, sigurado ang mga itong seryoso siya.

“Oy, Kate walang ganyanan!” apila ng guwapong drummer. She glared at him, pero pa-charming lang siyang nginitian nito.

“Ang kapareha niya ay si...” narinig niyang muli ang boses ni Sheila sa mic. Kahit maliit ang tsansa, humingi pa rin ng milagro si Kate. “Kailangan pa bang i-memorize ’yan? Eh di, ang ever loved band vocalist natin, si Sean!”

Napamura siya sa sarili. She knew it. Dapat talaga hindi na siya bumalik. Pero huli na ang lahat, nakita niya si Sean na kinakaladkad papunta sa kanya. He looked murderous. Bago pa niya namalayan, naitulak na sila sa loob ng closet at mabilis na pinagsarahan.

Mabilis na nag-dilate ang pupils niya sa biglang pagdilim ng paligid. Napaaurong siya sa kabilang

Just The Way You Are - Dior Madrigal

side ng closet palayo sa binata, pero nawalan siya ng balanse sa sobrang bilis ng kanyang pagkilos. Sean caught her by the waist just before she fell. Awtomatikong nag-init ang mga pisngi niya sa lapit ng kanilang katawan.

“I never knew you were clumsy.” Malamig ang boses nito.

“I wasn’t clumsy,” nagngingitngit niyang tanggi. “Na-outbalance lang ako.” Itinulak niya ito palayo, but as if on instinct, humigpit ang hawak nito sa baywang niya. Napalunok siya nang wala sa oras. She could feel him everywhere—his hot breath on her forehead, his hard body pressed against hers, his arms around her slender waist. She felt her cheeks burning. Gusto niyang sakalin ang sarili.

Damn, was she horny or what?

“Sean...”

“Ano’ng problema? We’ve been closer than this before,” he said in a clipped tone.

Humigit siya ng hangin habang pilit kinakalma ang mga nagwawalang hormones. Narinig niyang nakakaloko itong tumawa, pagkatapos ay idinikit ang labi sa kanyang tainga. “What?” bulong nito. “Getting turned on, Kate?”

Just The Way You Are - Dior Madrigal

Muli, napalunok siya. “Sure, I was turned on,” she said evenly. “I’m just like any warm-blooded female. Contrary to popular belief, nakakaramdam din ng lust ang mga babae.”

Laughing softly, he gripped her ass and pulled her even closer. Her eyes widened when she felt his semi hard-on.

“My bad, I didn’t mean to be sexist,” anas nito sa tainga niya, tila naging lalong masikip sa maliit na closet.

Then, she felt his hand slid inside her skirt. Naramdaman niya ang pagtaas ng presyon. Lahat yata ng dugo niya umakyat sa ulo niya. She suddenly felt dizzy and terribly hot. And when she felt his tongue licking the side of her earlobe, the air became so unbearably thick and charged. Nagtataka siya kung bakit wala pang electric spark sa hangin.

“Sean!” she hissed.

“What?” he said coolly. “It’s just a game, bakit di pa natin lubus-lubusin?”

Bahagya siyang natigilan, at sa kabilang samu’t saring emosyon, nagawa niya itong tapunan ng matalim na tingin. Heavens, mukhang totoo ang mga tsismis; he had really become an asshole.

Just The Way You Are - Dior Madrigal

“Fine.” Matamis siyang ngumiti rito. “Let’s play.” Mabilis niya itong dinamba at pinisil nang mariin ang pagkalalaki nito.

“F*ck! Kate!” sigaw nito at biglang napabitaw sa kanya. “Gusto mo bang di na ’ko magkaanak!” bulyaw nito. Muntik na siyang matigilan ulit doon. Humigit ito ng hangin. “Shit, sadista ka pa rin,” angil nito.

Mabilis siyang umurong sa kabilang dulo at niyakap ang sarili. “It was your fault.” Naghalukipkip niya.

“Sure.” Parang asido ang bose nito. “Lagi ka namang walang kasalanan, di ba?”

Lalong tumalim ang tingin niya rito. ”Ako ba ang tinutukoy mo o ang sarili mo? Isa pa, ang sabi ko lang I felt lust, it doesn’t follow na gagawa ako ng paraan para tugunan ’yon.”

He laughed derisively. “Yeah, you and your almighty logic.” Humalukipkip din ito sa kabilang side ng closet. “Shit, ang hirap huminga rito.” Kinalampag nito ang closet. “Oy, Sheila! Buksan mo ’to! ‘Pag ako namatay ng hypothermia mumultuhin kita.”

Kate rolled her eyes. “Hindi hypothermia, hypoxemia.”

Just The Way You Are - Dior Madrigal

“Whatever,” he said. “I mean hypoxemia pala!” hirit nito. Narinig nilang nagtawanan ang mga tao sa labas.

“Manigas ka! May four minutes pa!” narinig nilang sigaw ni Sheila.

“Four minutes?” angal ni Sean.

“You’re lying, Sheila.” Siya naman ang kumalampag sa closet. “Tiningnan ko ’yong relo ko kanina, maglilimang minuto na kami rito.”

“I don’t believe you, Kate,” sagot ng kaibigan.

“Well, believe her,” sabat ni Sean. “Nakalimutan mo na bang lagi siyang tama?”

Tila natigilan naman ang lahat sa banat na iyon ng binata. Ito man ay sandali ring natahimik, pero pagkatapos ng ilang segundo, inikot lang nito ang mga mata.

“Come on, totoo naman, di ba? Lagi mo namang pinipilit na tama ka, di ba?” he said drily.

Tinaasan niya lang ito ng kilay. “Of course, I’m right. I’m always right,” mataray niyang untag.

Umiling ito. “I see, umaapaw ka pa rin sa self-confidence. So, kumusta na?” tanong nito. “It’s been

Just The Way You Are - Dior Madrigal

six years. Married? Do you have children? Milyonarya ka na ba? Fill me up some details.”

“Matagal na ‘kong milyonarya. Millionaire ang tatay ko, nakalimutan mo na ba?” Mataray pa rin siya.

He snorted. “Yeah, nakalimutan ko. Balita ko corrupt pa rin ang tatay mo, ah.”

“Yeah. At ang tatay mo, crony pa rin niya.” Mayabang siyang ngumiti sa irked expression nito.

He only looked at her pointedly. “Are you married?”

Tumawa siya. “Ano ’to, Sean, interesado ka?”

“May nagsabi na ba sa ’yong ilusyonada ka?”

“Then, bakit mo tinatanong?”

“Maybe because I’m curious. We used to be friends before anything else.” May accusation sa tono nito, pero hindi niya pinansin.

“Excuses, excuses.” Iniiwas niya ang tingin dito. “I’m not married but I have a son.”

Tila natigilan ang binata roon. “Oh?” untag nito pagkaraan. “Ilang taon na?”

“Four,” mabilis niyang sagot. Limang taon na si

Just The Way You Are - Dior Madrigal

James, pero hindi niya iyon sasabihin sa kaharap. Hindi ngayong hindi pa siya sigurado.

Hindi ito umimik nang ilang segundo.

“How about you?” Siya naman ang nag-interview. “Kumusta ang buhay ng the rich and famous?”

“Peachy. Minsan hindi kailangan ng talent, good looks lang, papatok ka na.”

She frowned. “Are you trying to be modest?” untag niya. “It doesn’t suit you. You’re more than a face. You’re really good at what you do, you know that.” She was telling the truth. Ang talent ni Sean ang isang bagay na hindi niya kailanman pinagdudahan. Kung may pinaniniwalaan siyang isang bagay tungkol sa binata, iyon iyon.

“Bakit hindi ko magawang paniwalaan ang sinasabi mo?” Nakaiwas ang mga mata nito.

Nagkibit-balikat lang siya. “So, ano sa mga tsismis ang totoo? Balita ko asshole ka na raw, ah?”

“So may oras ka palang makinig ng tsismis.”

Nagkibit-balikat ulit siya. “Can’t help it. Sa tuwing binuksan ko ang TV at radio, ikaw lagi ang pinag-uusapan nila. In case you didn’t notice, sikat ka.”

Just The Way You Are - Dior Madrigal

“Yeah, natatakot nga ’ko na baka pati ’tong kasal nina Sheila malaman nila.” Naihilamos nito ang kamay sa mukha. “Nakakatakot ang press, ultimo brand ng briefs namin alam nila.”

Napatawa siya nang malakas. “Panggap ka,” she said, smiling. “You love the attention. Isa pa, paanong hindi nila malalaman ang brand ng brief mo, eh, nakabalandra sa EDSA ang billboard mo na naka-underwear lang. Admit it, bata ka pa lang, papansin ka na.”

He snorted.”S’abi ng tao na kailangang kaladkarin para umuwi. You love attention more than I do. You were a party addict back then, ni ayaw mong umuwi sa bahay n’yo.”

“I didn’t like being home,” amin niya.

“Oy, ano na’ng ginagawa n’yo dyan?” narinig nilang tawag ni Sheila. “Dalian n’yo ha, magse-seven minutes na, ayusin n’yo ang dapat ayusin. Sean, i-zipper mo na ’yan!” Muling naghaghikikan ang mga tao sa labas.

Sabay silang nagpaikot ng mga mata.

“Oy, Sheila!” sigaw niya sa kaibigan. “Seven minutes na, buksan mo na ’to. ‘Pag di mo ’to binuksan, ikakalat ko sa kasal mo ’yong pictures mo n’ong kulot

Just The Way You Are - Dior Madrigal

pa ang buhok mo at mataba ka pa!” Muntik nang magiba ang closet door sa biglang pagbukas niyon.

“Oy, Kate, walang ganyanan.” Para itong maamong tupa ngayon kaya nagtawanan lalo ang mga tao sa likuran nito.

Salvation at last. Nakahinga siya nang maluwag nang masilayan ang liwanag.

“Ang KJ ninyong dalawa,” malungkot na sabi ni Sheila nang makitang walang bakas ng mainit na engkuwento ang kanilang mga damit at buhok.

“It’s getting late, una na ’ko, Sheila.”

“Uwi ka sa bahay n’yo?” tanong ng babae.

Umiling siya. “No, magche-check in ako sa hotel.”

“What?” Ito naman ang umiling. “Stay. Dito ka na matulog, marami namang kuwarto. Saka maraming tao ngayon sa hotel dahil summer. Dito ka na lang, Kate.”

“But....” Tututol pa sana siya, pero nakita niyang inaakyat na nina Matt ang maleta niya. Kung paano nakuha ang mga iyon sa kotse niya ay wala siyang ideya.

“Akyat na, Kate, I know you’re tired,” sabi ng

Just The Way You Are - Dior Madrigal

kaibigan.

She rolled her eyes. “Para namang may choice ako, di ba?” Nginitian lang siya ng bride-to-be, pagkatapos tinulak na siya sa direksyon ng hagdanan. Bago tuluyang makaakyat, nahagilap ng mga mata niya si Sean. Muli, nakita niyang may babaeng nakapulupot dito. Iniwas niya ang tingin.

2

“This is all your fault,” pagod na untag ni Kate habang hinihilot ang noo.

Nakatayo silang dalawa ni Sean sa paanan ng twin size bed. Pareho na silang nakapantulog. He was wearing cotton pajamas and sando while she was wearing a nightshirt and shorts.

“At paano ko naging kasalanan ’to?” His tone was acid.

“Dahil mabagal ka at hindi mo inunahan sa kabilang kuwarto si Matt!” she fumed.

“And you? Why didn’t you stop Sheila from throwing us here? That bitch’s seriously going to get it when I get out of here.”

“Stop bad mouthing my friend,” singhal niya.
“And stop blaming me.”

“Then, stop being yourself!”

Asar na binagsak niya ang katawan sa kama. She had driven six straight hours from Manila to Quezon then got betrayed by her best friend twice. Una, ini-lock siya nito kasama ang ex-boyfriend niya sa closet

Just The Way You Are - Dior Madrigal

at ngayon ito! She was locked with Sean in a room for the whole night! Really now. Hindi na sapat ang happy hormones niya para panatilihin siyang civil.

Humigit siya ng hangin at marahas na sinuklay ng kanyang daliri ang mahaba at kulot niyang buhok. Damn, lumalabas na si Mr. Hyde sa loob niya.

“Urong!” utos nito nang makahiga rin, pagkatapos, bigla nitong hinila ang kumot mula sa kanya.

She gritted her teeth. Were the gods testing her patience today?

“Ano’ng ginagawa mo?” aniya, gamit ang lahat ng pasensya kaya niyang ipunin. “Akin ang blanket, hindi ako nakakatulog nang may ka-share.”

“Bad news, wala nang extra blankets.”

“Then, don’t use one! Nakakatulog ka naman dati nang walang kumot!”

“Things change.”

She glared at him, pero nanatili itong kalmado. Bigla siyang tumayo ng kama at naglakad palapit sa pinto.

“Where the hell are you going?” Mabilis nitong nahagilap ang brasso niya.

Just The Way You Are - Dior Madrigal

“You’re annoying me on purpose, hahanap ako ng extra blanket at sa sofa na lang ako sa living room matutulog.”

“The door is locked, may Alzheimer’s ka na ba?”

“Kakalampagin ko hanggang sa buksan nina Sheila.”

“At kung hindi nila buksan?”

“Then, walang makakatulog ngayong gabi!” asik niya. “And that includes you. If I have to, kakalampagin ko ’yan buong gabi.”

He glared at her but gave in. “Fine.” Binitiwan nito ang kumot at padapang pumuwesto sa kama. “Eat your blanket.”

Tinitigan niya ito nang masama habang pabalik sa kama. Mabilis niyang pinulupot ang kumot sa katawan.

Matabang siyang nilingon ng katabi. “You’re not the most desirable woman in the world, you know.”

“What?” singhal niya.

Binigyan siya nito ng nakakalokong ngiti. “Kung ipulupot mo ’yang kumot, akala mo may gagawin ako sa ’yong masama. News flash, Kate, you might

Just The Way You Are - Dior Madrigal

be pretty and attractive but you're not completely irresistible.”

She snorted. “Says the guy who can't keep his hands off me six years ago.”

Tumawa ito. “That's the keyphrase Kate, *six years ago*. People change.”

She looked at him coolly. “Really?”

“Really,” tugon nitong tila nanghahamon. Bago pa ma-analyze ni Kate ang ginagawa, she ripped the blanket off her body then straddled Sean. She smirked when she saw his eyes widen. Gusto nitong makipag-asaran? Fine! Nakalimutan na ba nitong siya ang reyna ng pang-aasar? Sixteenth commandment: thou shall not piss Kate when she's already pissed.

Sensually, pinagapang niya ang mga kamay mula sa baywang paakyat sa dibdib ng lalaki.

Nakita niyang naningkit ang mga mata nito. “You're playing with fire.”

Tinaas niya ang isang perpetkong kilay. “Don't you like fire?” anas niya. Slowly, she ground her hips against his lap. Napatiim-bagang ito at biglang napahawak sa balakang niya. Tumawa siya.

“Sean, Sean, Sean,” she purred. “I've been on top

Just The Way You Are - Dior Madrigal

of you for less than a minute and you already can't keep your hands off me."

"If you keep this up, I'm not gonna let you stop and I won't stop either." His tone was dangerous.

Hindi niya alam kung bakit, ngunit bigla na lang naalala niya ang anak niyang si James. And just like that, nawala ang isip-bata niyang pagnanasa na makipagkompetensya kay Sean. Just like that, nawala ang childish urge niya na ipilit na mali ito at siya ang tama, maging ang init ng ulo niya sa mga nakakainis na pangyayari nitong buong araw.

Naalala niya, hindi siya puwedeng maglaro nang ganito dahil may importanteng tao na kailangan niyang pangalagaan. Damn, being a mother really made her boring. Pero okay lang iyon sa kanya. She loved being a mother.

"I'm sorry." Kaagad niyang binawi ang mga kamay na nakadantay sa dibdib nito. "I... you're right, this is childish." Nagmamadali siyang umalis sa pagkakaupo sa kandungan nito, pero hinagilap ng binata ang mga braso niya. Umupo ito at hinila siya padikit sa katawan nito.

"Sean!"

"What? Turned chicken now?" he hissed, his hot

Just The Way You Are - Dior Madrigal

breath mingling with hers. Gusto niyang sumagot ng pabalang, pero kinagat niya ang dila. Kasalanan niya ito, hindi niya dapat tinulak sa ganitong sitwasyon si Sean.

Lumunok siya. Ilang sentimetro lang ang layo ng mukha nito sa kanya. “Look, Sean, I’m sorry. I know I went too far—”

“At kapag nag-sorry ka okay na ang lahat?”
Matigas, pero paos ang boses nito.

“Then, what do you want me to do?” she asked exasperatedly.

Huli na bago niya na-realize na mali ang tanong niya. Natahimik sila nang ilang segundo, parehong nakatingin lang sa mata ng isa’t isa. Dahan-dahan, bumaba ang malamlam nitong mga mata sa mga labi niya. Her eyes widened. Napalunok siya nang wala sa oras.

“Kiss me,” anas nito. At bago pa siya makapag-react, hinila nito ang batok niya at siniil siya ng halik.

She was stunned, shocked and speechless; synonyms lahat ang mga iyon, pero wala na siyang kakayahang makapag-isip ng iba pang adjectives. All she could think of was his mouth moving against hers, wet, hot and supple. Napahawak siya bigla sa leeg

Just The Way You Are - Dior Madrigal

nito sa takot na mahulog, kung saan, hindi niya rin alam. Ang alam lang niya nahihilo siya at kailangan niya ng mahahawakang suporta. She heard him groan in her mouth and his arms snaked tightly around her waist to draw her even closer. She couldn't help the moan when he gripped her behind to pull it fiercely against his arousal.

Damn, it had been so long. Kailan ba noong may huling hinalikan siya? Anim na taon na, doon sa may treehouse. She had kissed him desperately then, dahil alam niyang baka iyon na ang huli. At nang dumating si James, masyado na siyang busy sa pagiging ina na nakalimutan niyang may ibang male specie pa pala bukod sa anak niya.

Natigilan siya, napamulat nang wala sa oras. Ang anak niya!

“Sean, wait...” Iniiwas niya ang mga labi sa binata.

Hinihinggal niyang binaba ang mga kamay sa dibdib nito para bahagya itong itulak, pero lalong lang siya nitong hinila palapit.

“I... we can’t.” Pareho silang habol ang hininga.
“We can’t do this. I can’t.”

“Why not?” he hissed.

Just The Way You Are - Dior Madrigal

“It’s complicated.”

“I don’t care.”

Ipinikit niya nang mariin ang mga mata. “Sean, we really can’t...” Napasinghap siya nang maramdaman ang labi nito sa kanyang panga. “Sean!” Itinulak niya ito, pero mahigpit ang hawak nito sa baywang at likod niya. She bit her lip hard when he bit her neck none too gently.

“You want me,” anas nito sa balat niya.

“That’s beside the point.” She shivered when his hand went down from her waist to her thigh, running up and down the soft, smooth flesh, burning her into a frenzy. Against her will, her body arched to his.

She whimpered his name. His mouth was on her collarbone now, his hand on her naked breast. Kung paano nitong nagawang itaas ang shirt niya at tanggalin ang kanyang underwear nang hindi niya namamalayan ay wala siyang ideya.

He gripped the small of her back to pull her closer to his body, forcing her to arch more. She moaned deliriously when his mouth closed over one of her breasts. Naramdaman niya ang pagdikit ng likod sa malambot na kutson. Then, she felt him taking off her underwear.

Just The Way You Are - Dior Madrigal

Napamulat siya nang wala sa oras. Oh, f*ck.
Patawarin siya ni James sa katangahan niya.

He was inside her even before she could protest—not that she really wanted to protest. It was too late anyway, at duda siya kung talagang may kakayahan pa siya para gawin iyon. She wanted this as much as he did. But as she said, that was really beside the point—or so she told herself.

He growled and gripped her hips tightly and for a moment, none of them moved.

“Sean—”

“Don’t move.” Marahas ang tono nito. He was gripping her hips firmly she was sure there would be bruises tomorrow. Narinig niyang ang paghigit nito ng hangin na tila ba kinokontrol nito ang sarili. Then, slowly, he started moving. He created a tempo that drove her crazy.

“Sean...” anas niya pero hindi iyon pagmamakaawa. It was a warning. Kate Gonzalez would never beg.

Dati oo, sa nanay niya. Pero matagal na iyon. She would only beg for her son’s sake, maliban doon, hindi na.

“Sean!” ulit niya sa warning. “Stop being

Just The Way You Are - Dior Madrigal

annoying!" She gritted out as she tried to move her hips, pero pinigilan siya nito. Matalim niya itong tinitigan. She hated being teased like this. Ang kanilang fifteenth commandment ay ‘thou shall give Kate what she wanted when she wanted it’.

“Shut... up,” he grunted. She gasped as he thrust harder, but the pace remained the same. Gumalaw ang mga kamay niya sa likod nito, tearing at his naked back and behind, urging him to go faster, but the bastard won’t relent.

“I... I’m gonna get you... for this,” anas niya sa tainga nito as he continued his deep, hard but slow thrusts. And by heavens, she would! Hindi na siya si Kate Gonzales kapag hindi siya nakaganti sa lalaking ito. One way or another she would make him pay.

The pace remained slow but by now, she no longer cared. She was so close, all she could do was clutched at his shoulders and hair as he continued the sweet torture.

The earth-shattering sensation came without warning, hitting her like a tidal wave. She cried out his name but found him kissing her hard, swallowing her scream in his mouth. Akala niya doon na magtatapos ang kagagahan niya, pero hindi pa pala. Not in his opinion. Because he still kept the age-old

Just The Way You Are - Dior Madrigal

dance, brutally faster this time. Obviously, he hadn't found his release yet, and he was impatient to have it. By the time she had her third orgasm, she stopped counting.

She couldn't think anymore. All she could do was feel. And feel she did, all throughout the night and through dawn, he made her relearn the feeling of being with him. All throughout the night and through dawn, he made love to her like it was the end of the world tomorrow. At siguro totoo iyon sa ilang aspeto para kay Kate, at least. Dahil sigurado siyang malaking problema ang dadalhin ng gabing ito sa buhay niya. Lalong-lalo na tungkol sa anak niya.